

Gonorrhoea

Kilala rin bilang gono

Isang karaniwang STI ang gonorrhea, na dulot ng bacteria at naipapasa habang nakikipagtalik nang hindi gumagamit ng condom.

MGA MABILISANG KAALAMAN

- Pinakakaraniwang nagdudulot ng impeksyon ang gonorrhea sa urethra at sa cervix, ngunit maaari ding magdulot ng impeksyon sa puwet at lalamunan.
- Naisasalin ito kapag nakikipagtalik sa isang taong may gonorrhea nang hindi gumagamit ng condom
- Ipinapadala sa laboratoryo para suriin ang mga sample ng ihi at mga swab mula sa urethra, cervix, lalamunan o puwet.
- Mabisa itong ginagamot gamit ang mga antibiotic.

Ano ito? (What is this?)

Puwedeng magdulot ng impeksyon sa urethra, cervix, anus, lalamunan at mga mata ang Gonorrhoea. Sa imga pambihirang pagkakataon, puwede itong kumalat sa daluyan ng dugo na nagdudulot ng lagnat, pananakit ng kasukasan at mga sugat sa balat.

Kung may impeksyon na gonorrhea, maaaring wala kang napapansing anumang sintomas. Kung mayroon kang mga sintomas, maaaring kabilang dito ang:

- hindi pangkaraniwang lumalabas mula sa ari o puwet
- pagkirot o paghapdi kapag umiihi
- pamamaga, panunuyo ng lalamunan

Paano ka magkakaroon nito? (How do you get it?)

Sumasama sa likido ng ari ang gonorrhea at naisasalin sa pamamagitan ng walang proteksyon na pakikipagtalik gamit ang ari, puwet o bibig sa isang taong may gonorrhea.

Ano ang mga sintomas? (What are the symptoms?)

Babae (Vagina)

Kung babae ka, walang sintomas ang karamihan sa mga impeksyon na gonorrhoea sa ari. Kung lumabas ang mga sintomas, maaaring kabilang sa mga ito ang:

- hindi pangkaraniwang lumalabas sa ari
- hindi regular na pagdurugo ng ari
- pagkirot kapag umihi
- pananakit ng pelvis, lalo na habang nakikipagtalik gamit ang ari

Lalaki (Penis)

Kung lalaki ka, maaaring kabilang sa mga sintomas ang:

- dilaw o puting lumalabas mula sa ari
- pananakit o pagkirot kapag umihi
- pamumula sa paligid ng butas ng ari

Puwet (Anus)

Walang sintomas ang karamihan sa mga impeksyon ng gonorrhoea sa puwet. Kung mayroong mga sintomas, puwedeng kabilang sa mga ito ang discharge sa puwet at pagkirot.

Lalamunan (Throat)

Walang sintomas ang karamihan sa mga impeksyon ng gonorrhoea sa bibig. Kung lumabas ang mga sintomas, maaaring kabilang sa mga ito ang namamagang lalamunan.

Paano ka masusuri para dito? (How do you test for it?)

Nasusuri ang gonorrhoea sa pamamagitan ng:

- Sample ng ihi
- Swab mula sa urethra, cervix, lalamunan o puwet

Karaniwang matutuklasan ng mga pagsusuring ito ang gonorrhoea 2-4 na araw pagkatapos mong mahawahan ng impeksyon.

Paano ito ginagamot? (How is it treated?)

Ginagamot ang gonorrhoea gamit ang mga antibiotic.

Karaniwang nawawala ang mga sintomas sa loob ng 24 na oras. Kung mayroon ka pa ring mga sintomas isang linggo pagkatapos ng pagpapagamot, bumalik sa iyong doktor.

Hindi ka dapat makipagtalik sa loob ng isang linggo pagkatapos ng pagpapagamot (kahit pa gumamit ng condom o dam).

Hindi ka dapat makipagtalik sa sinuman hanggang isang linggo pagkatapos nilang magpapagamot.

Mayroon ba itong anumang komplikasyon kapag hindi nagamot? (Are there any complications if not treated?)

Kung babae ka, puwedeng kumalat ang hindi pinagamot na gonorrhoea sa uterus at mga fallopian tube na magdudulot ng pelvic inflammatory disease (PID), isang kondisyon na maaaring magdulot ng mga komplikasyon, kabilang na ang pagkabaog.



Alamin pa ang tungkol sa pelvic inflammatory disease sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

Malamang ba na bumalik ito pagkatapos ng paggagamot? (Is it likely to come back after treatment?)

Mas hindi malamang na bumalik ang gonorrhoea kung:

- sinabi mo ito sa iyong mga kapareha at tiniyak na pumunta sa doktor at nagpagagamot ang iyong mga kasalukuyang kapareha
- tuloy-tuloy kang gumagamit ng mga condom o dam sa lahat ng iyong kapareha

Paano ko poprotektahan ang aking sarili? (How can I protect myself?)

Ang paggamit ng condom o dam tuwing nakikipagtalik ang pinakamagandang paraan para protektahan ang iyong sarili mula sa gonorrhoea.

Ipaalam sa kanila (Let them know)

Kapag nasuri kang may STI na tulad nito, kailangang masuri ng doktor ang lahat ng iyong naging sekswal na kapareha sa nakaraang ilang buwan.

Napakahalaga na masuri ang lahat ng iyong sekswal na kapareha (regular at kaswal) dahil maaaring magdulot ng malalalang problema kung hindi magagamot ang mga STI.

Kung nahihirapan kang sabihin sa iyong mga kapareha, puwede mong gamitin ang [Ipaalam sa Kanila](http://letthemknow.org.au) (letthemknow.org.au) para sa mga halimbawang pag-uusap, email, text message at mga sulat na puwede mong ipadala sa iyong mga kapareha nang personal o nang hindi nakikilala.

Saan ako makakakuha ng tulong? (Where can I get help?)

- Bumisita sa isang serbisyo sa sekswal na kalusugan na malapit sa iyo
- Bumisita sa iyong lokal na doktor
- Bumisita sa lokal na sentrong pangkalusugan sa iyong komunidad

Maghanap ng mga serbisyo sa sekswal na kalusugan sa **StaySTIFree** (staystifree.org.au)

PAGTANGGI (DISCLAIMER)

Ibinibigay ng fact sheet na ito ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa sekswal na kalusugan at hindi inilaan para palitan ang pangangailangang kumonsulta sa iyong doktor.

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa iyong kalusugan, dapat kang humingi ng payo sa iyong doktor.

Kung kailangan mo ng kagyat na pangangalaga, dapat kang pumunta sa pinakamalapit na Kagawaran sa Emerhensiya o tumawag sa 000.